

2

5 Minuto
kasama si

KRISTO

Isang maikling pagninilay
sa kanyang mga tagubilin
at pinakadakilang mga utos



Tagalog

Si Hesus, sumakanya ang kapayapaan, ay isang pigurang minahal ng milyon-milyon, at ang kanyang pangalan ay binabanggit sa buong mundo. Gayunman, iba-iba ang mga pananaw tungkol sa kanya.

Sa mga linyang ito, pinagninilayan natin ang mga teksto ng bibliya upang matutunan mula sa mga ito ang katotohanan tungkol kay Kristo at sa kanyang mensahe. Sa pamamagitan nito, magiging malinaw sa atin ang mga sumusunod na katotohanan:



SI KRISTO BA AY PANGINOON?

- Nang tanungin si Kristo tungkol sa pinakadakilang mga utos, hindi niya ipinakilala ang kanyang sarili bilang Panginoon. Sa halip, pinagtibay niya ang saligan ng pananampalatayang kanyang ipinangaral, na nagsasabing:

"Ang una sa lahat ng mga utos ay: Dinggin mo, O Israel, ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa" (Marcos 12:29).

- Kung siya mismo ang Panginoon, malinaw sana niyang sinabi: "Ako ang inyong Panginoon at inyong Diyos." Ngunit ginamit niya ang panghalip na pangmaramihan sa "ating Diyos," na nagpapakita na isinama niya ang kanyang sarili sa kanyang bayan bilang mga alipin ng Nag-iisang Diyos, at hindi bilang isang diyos, kundi tulad ng lahat ng mga tao.

Sinabi rin ni Kristo sa ibang pagkakataon:

"At ito ang buhay na walang hanggan: na makilala Ka nila, ang tanging tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na Iyong sinugo" (Juan 17:3).

Ibinubukod ng teksto ang Diyos at si Kristo: ang Diyos ang nagsugo, samantalang si Kristo ang isinugo. Ipinapakita nito na hindi sila iisa, kundi dalawang magkaibang nilalang. Sapagkat hindi makatwiran sa isip na isinugo ng Diyos ang Kanyang sarili. Pinatutunayan nito na si Kristo ay isang sugo mula sa Diyos at hindi ang Diyos mismo.

- Pinagtitibay rin ng Bibliya ang di-nagbabagong katangian ng Diyos sa pagsasabing: "Sapagkat Ako, ang Panginoon, ay hindi nagbabago" (Malakias 3:6).

Ipinapahayag ng tekstong ito ang ganap na pagiging di-nagbabago ng Diyos, na hindi nagbibigay-daan sa anumang pagbabago o paglipat. Samantalang ang pagkakatawang-tao ay nakabatay sa ideya ng paglipat mula sa perpekasyon ng Diyos patungo sa mga katangiang pantao, at ito ay isang pagbabagong hindi naaayon sa nasabing di-pagbabago.

2

SI KRISTO BA AY ANAK NG DIYOS?

Tinatawag ni Kristo ang kanyang sarili na Anak ng Tao, gaya ng sinabi niya:

"Sapagkat ang Anak ng Tao ay hindi naparito upang lipulin ang mga buhay ng mga tao" (Lucas 9:56).

Ang paglalarawang ito ay inuulit sa Bagong Tipan nang mahigit walumpung ulit, at ipinakikita nito ang kanyang pagkatao, sapagkat dumaan siya sa mga yugto ng paglaking pantao.



Tungkol naman sa titulong "**Anak ng Diyos**" sa wika ng Bibliya, ginamit ito sa tayutay upang ipahiwatig ang katuwiran at karangalan. Hindi ito tanging para kay Kristo lamang, kundi ginamit din sa ibang mga propeta.

3

DIYOS AT KRISTO: MAGKAPAREHO BA ANG KANILANG MGA KATANGIAN?



MGA KATANGIAN NI KRISTO



Namatay si Hesus
(1 Corinto 15:3)



Nakita si Hesus
(Juan 1:29)



**Hindi niya alam
ang lahat ng bagay**
(Marcos 13:32)



Natulog si Hesus
(Mateo 8:24)



Napagod si Hesus
(Juan 4:6)

MGA KATANGIAN NG PANGINOON



**Ang Diyos ay hindi
maaaring mamatay**
(1 Timoteo 1:17)



**Walang taong nakakita
kailanman sa Diyos**
(Juan 1:18)



**Alam ng Diyos ang
lahat ng bagay**
(Isaias 46:10)



**Hindi natutulog
ang Diyos**
(Awit 121:4)



**Hindi napapagod
ang Diyos**
(Isaias 40:28)

Pinatutunayan ng paghahambing na ito na si Kristo ay may kalikasang pantao at hindi banal na kalikasan.



MAAARI BANG ANG ISA AY MAGING TATLO?

Itinuturo ng doktrina ng Trinidad na ang Diyos ay isa sa tatlong persona: ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo.

Kung ang bawat persona ay "**ganap na Diyos**" sa sarili nito at sa mga katangian nito, paano magiging isa ang Diyos at hindi tatlo?

Ang masalimuot na kaisipang ito ay salungat sa pinakasimpleng mga panawagan sa monoteismo na binigkas ni Kristo nang sabihin niya:



"Dinggin mo, O Israel, ang Panginoon nating Diyos, ang Panginoon ay iisa" (Marcos 12:29).

Kaya ang Diyos - gaya ng pinagtibay ni Kristo - ay iisang Diyos at hindi tatlo.



ANG KATOTOHANAN NG MENSAHE NI KRISTO:

Hindi dumating si Kristo na may relihiyong sumisira sa mga saligan ng mga naunang mensahe. Sa halip, dumating siya upang patunayan at ganapin ang panawagan ng mga propeta sa dalisay na monoteismo.

Malinaw niyang ipinahayag na ang kanyang mensahe ay pagpapatuloy ng magkakaugnay na kapahayagan, na nagsasabing:



"Huwag ninyong isipin na naparito Ako upang sirain ang Kautusan o ang mga Propeta; hindi Ako naparito upang sirain kundi upang ganapin" (Mateo 5:17).

Ang panawagang ito ay pagpapatibay lamang ng tipan ng Diyos sa lahat ng Kanyang mga propeta, na ilang siglo bago pa ipanganak si Kristo:



Sinabi ng Diyos kay Abraham: "**Upang maging Diyos mo at ng iyong lahi pagkatapos mo**" (Genesis 17:7).



At iniutos Niya kay Moises na sabihin: "**Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ni Israel: si Yahweh, ang Diyos ng inyong mga ninuno, ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob, ang nagsugo sa akin sa inyo**" (Exodo 3:15).

Kaya naman pinagtibay ni Kristo ang katotohanang ito nang sabihin niya:

"At ito ang buhay na walang hanggan: na makilala Ka nila, ang tanging tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na Iyong sinugo" (Juan 17:3).

Kaya dumating si Kristo na pinatutunayan ang tipang ito at sumusunod sa landas ng mga propeta; ang kanyang panawagan ay pagpapatuloy ng kanilang monoteismo, at ito ang Islam.

May isang tanong na nananatili: kung ang Diyos ay iisa noong panahon nina Abraham at Moises, at dumating si Kristo upang ganapin ang kanilang landas, saan nanggaling ang doktrina ng Trinidad na hindi kailanman binigkas ng sinumang propeta?



ANG KATOTOHANAN TUNGKOL SA DIYOS SA ISLAM:

Ang Diyos ay iisa at walang katambal. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak. Hindi Siya nagkakatawang-tao at Siya ay walang pangangailangan sa Kanyang nilikha.

Ang dalisay na monoteismong ito ang pinakadiwa ng Islam. Nagsimula ito kay Adan, minana nina Abraham at Moises, ipinahayag ni Kristo, at nakumpleto at tinatakan ni Muhammad ﷺ, upang manatili ang Islam bilang huling kanlungan ng monoteismong pinananabikan ng mga kaluluwa.

Simulan ninyo ang inyong unang hakbang tungo sa liwanag, at yakapin ang Islam, at sabihin mula sa inyong puso:

**PINATUTUNAYAN KO NA WALANG DIYOS
MALIBAN KAY ALLAH, AT
PINATUTUNAYAN KO NA SI MUHAMMAD
AY SUGO NG ALLAH.**





DISCOVER
AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com

@AlislamDiscover



I-SCAN ANG QR CODE
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika